## SO WHAT

- Papaano pinadala ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo ayon sa aklat ng Marcos 6:7? Ano sa palagay mo ang dahilan bakit ginawa ni Jesus ito?
- Basahin ang aklat ng Juan 21:15-19. Paano pinakitunguhan ni Jesus si Pedro sa kabila ng kanyang pagkanulo sa Panginoon?
- Sa aklat ng Filipos 3:3-8, bakit pinapasalamatan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Filipos? Ano ang kinalaman ng ugnayan na ito sa kaparaanan ng pagmiministeryo ni Pablo sa lugar ng kanyang pagmimisyon?

## NOW WHAT

- Hilingin sa iyong kaibigan na sa buong linggong ito na ipanalangin ang kaligtasan ng ibang kaibigan.
- Tawagan ang isang kaibigan na dating kasama sa inyong grupo na bumalik at upang makasama ninyong muli.
- Magbigay lakas-loob sa mga kaibigan na magpatuloy sa buhay ng pananampalataya.

# PRAYER

- Manalangin na gamitin ka ng Diyos upang tulungan ang mga kaibigan na nangangailangan.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na tulungan ang iba na makaahon mula sa kanilang mga hadlang.
- Ipanalangin sa Diyos na mas lumalim pa ang ugnayan ng bawat isa sa inyong *Victory group* na maging handang tumulong sa bawat isa.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 **FILIPINO**

# . . . Maging Kaibigan?




## NOTES

# CONNECT

- Sino ang kababata mong kaibigan? Bakit?
- Kailan yung pagkakataon na natulungan ka ng isang kaibigan sa panahon ng matinding pagsubok?
- Ano ang batayan mo sa isang kaibigan?

## WORD

*[9]Mas mabuti ang may kasama kaysa mag-isa; mas marami silang magagawa. [10]Kapag nadapa ang isa sa kanila may tutulong sa isa. Kaya nakakaawa ang taong nag-iisa at nadapa, dahil walang tutulong sa kanya. . . . [12]Madaling matalo kung nag-iisa ka, pero kung may kasama, mahirap kang talunin. Tulad din ng lubid na mahirap malagot kung tatlong doble ito.* MANGANGARAL 4:9,10,12

## WHAT

Nilalang tayo ng Diyos upang makibagay sa ibang tao. Sadyang likas sa atin ang makitungo sa iba. Bagama't nilikha ng Diyos si Eba dahil sa kailangan ni Adan ng asawa, ito ay may kinalaman pa rin sa pakikipag-ugnayan na sa katunayan ito ay mahalaga sa ating lahat. Sa makatuwid, maaari na nating pag-usapan ang kahalagahan ng pagkakaibigan. Anong idinudulot ng pagkakaibigan?

### 1 Pakikipagtulungan

*Mas mabuti ang may kasama kaysa mag-isa; mas marami silang magagawa.* MANGANGARAL 4:9

Sa pakikipagkaibigan mas marami tayong magagawa. Ang magagawa nating mag-isa ay mas mahihigitan pa ng lubos kapag may tumutulong na kaibigan sa ating mga gawain. Sino sa mga kaibigan mo ang madali mong makatrabaho? Ano ang nahihiligan mo ng lubos kapag katrabaho mo ang mga kaibigan mo?

### 2 Pagtulong

*Kapag nadapa ang isa sa kanila may tutulong sa isa. Kaya nakakaawa ang taong nag-iisa at nadapa, dahil walang tutulong sa kanya.* MANGANGARAL 4:10

Kabalikat na ibig sabihin ay ginhawa ang dulot kapag may umaalalay. May mga panahon na tayo ay bumabagsak, dumanas ng pagkatalo, at ang mga dagok ay dumarating—at ito'y pangkaraniwang pangyayari! Gayun man, nakakatulong at kalamangan sa atin kapag may mga kaibigan tayo na umaalalay sa atin na bumangon muli. Gaano ito katotoo sa iyong buhay?

### 3 Lakas

*Madaling matalo kung nag-iisa ka, pero kung may kasama, mahirap kang talunin. Tulad din ng lubid na mahirap malagot kung tatlong doble ito.* MANGANGARAL 4:12

Bilang karagdagan mula sa matulunging kamay sa panahon ng pangangailangan, mga kaibigan din ang nakakatulong upang panatilihin tayong nakatayo. Muli, maaasahan nating darating at darating ang unos ng buhay. Ngunit ang pagkakaroon ng mga kaibigan sa panahon ng pagsubok ay kakaiba kaysa nag-iisa ka. Naging kaibigan ka na ba sa iba sa panahon ng kanilang mga matinding pagsubok? Paano mo sila natulungan?